Mga patakaran sa pag–sakay ng bisekleta na dapat sundin

① Ang linya ng bisekleta ay sa gawing kaliwa at ito ay dapat sa tinatakbuhan ng mga sasakyan(kalsada).

Ang bisekleta ay hindi pwede sa linalakadan ng mga tao (side walk).
(pwedeng patakbuhin ang bisekleta kapag (tingnan ang ②))



●Kapag liliko sa kanan
(sundin ang signal kapag may traffic light)



② Posibleng patakbuhin sa side walk ang bisekleta, kapag

- Kapag may ganitong sign board sa side walk

- Mga bata na may edad na 13 pababa, mga matatanda na may edad na 70
- Kapag masikip ang kalsada, Kapag may kapansanan
- Kapag mahirap dumaan sa kaliwa (may constraction, may nakahintong sasakyanat iba pa)
- Kapag makitid ang kalsada, maraming sasakyang dumadaan at kapag delikado ang daanan

Ang side walk ay para sa lakadan tao.

●Huwag istorbohin ang mga nag lalakad dito.

●Dahan –dahan ang pag –daan sa side walk at sa kalsada.

③ Iba pang patakaran

- Bawal sumakay kapag nakainom ng alak *

- Bawal ang mag angkasan *

- Bawal ang mag kahilera *



- Kapg may sign na「止まれ」(stop) ay huminto sandali at tingnan kung ligtas *



止まれ

「Stop」

- Bawal gumamit ng payong kapag nakasakay sa bisekleta *

- Bawal gumamit ng cellphone kapag naka bisekleta *

- Bawal mag earphone kapag naka sakay sa bisekleta *

- Sundin ang signal light *

- Bawal ang walang preno ・hindi gumagana ang preno na bisekleta *

- Buksan ang ilaw sa gabi *

④ Mag helmet ang mga bata

Dapat mag helmet ang mga batang may edad na 13 pababa.

Sundin ang may tandang「 * 」kung hindi ay maaaring mag–multa, makulong at mapatawan ng kasalanan.

Alam nyo ba ang TS mark?

Ang TS mark ay ikinakapit sa bisekleta pag katapos suriin kung ang bisekleta ay ligtas gamitin at ito nangangahulugan na mekaniko ng bisekleta (Mekaniko ng bisekleta kung ligtas). Kung may nakalagay na ganitong sticker ay nangangahulugan na pamula ng ipasuri ito ay may 1 taong insurance.

TS Mark

(kapag ipapasuri ay kailangang mag-bayad)

＊Insurance ng pananagutan at Insurance ng aksidente (May limit ang bayad)

自転車に乗るときの決まり【タガログ語 Tagalog】 2013.12

Shimane prefecture • Police Headquaters of Shimane prefecture